Ano ang pakiramdam ng makakuha ng bakuna sa COVID-19

Ang pagpapabakuna ay makakatulong sa iyong protektahan ka mula sa COVID-19 o matutulungan kang bawasan ang paglubha ng sakit. Kung **mas maraming tao** ang mabakunahan, mas mapoprotektahan ang lahat sa pamayanan.

Ano ang Mangyayari Kung ang Isang Tao ay Makakuha ng Bakuna sa COVID-19?

- Ang pagbabakuna ay ibibigay ng isang **PROPESYONAL SA PANGKALUSUGAN.** Sa kasalukuyan ay iilan lang ang bakuna na naaprubahan.
- Ang pagbabakuna ay idinadaan **SA BRASO.** Ang pananakit, pamumula at pangingirot sa bandang tinusukan ay maaaring maramdaman.
- Ang kadalasang pansamantalang ibang epekto ay **BANAYAD AT MAWAWALA** rin sa loob ng ilang araw.
- Ang mga ibang epekto ay sinyales na ang immune system ng katawan mo ay gumagana para patibayin ang **PROTEKSYON LABAN SA COVID-19.**

Ang mga Ibang Epekto

[Maaaring magkaiba sa bawat tao]

Ang Klinikal na pagsususri ay nagpakita na ang karaniwang mga ibang epekto ay ang mga:

- **Masakit sa bandang tinusokan**
- **Pagkapagod**
- **Pananakit ng ulo**
- **Pananakit ng kalamnan**
- **Pananakit ng kasukasuan**
- **Panlalamig**
- **Lagnat**



Magkaiba ang pagtugon ng bawat isa kapag nakuha na nila ang bakuna. Importanteng malaman na ang pag-aaral sa bakuna ng COVID-19 ay kailangang magpapakita na ito ay **LIGTAS at EPEKTIBO** bago maaprubahang gamitin ang anumang bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paano ginawa ang mga bakuna, sinuri at ipinamahagi, bumisita sa **vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine** o tumawag sa 877-ASK-VDH3.

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH